TOMO 10 BILANG 10 | ISSN NO. 2599-5405 | OKTUBRE 2023

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

Kwentong Tagumpay
Page 3






Page 4

FROM THE MARGINS
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus
Page 4



# CARD MRI, MAY MEDICAL SERVICES NA SA TANAUAN, LEYTE

*ni Edrian Banania*



*Dumalo sina MaHP Director Dr. Roderick Belen (pinakakanan, unang hanay), CARD, Inc. (A Microfinance NGO) Deputy Executive Director for Finance and Admin Lousel Cortes (ikalawa sa kaliwa, unang hanay), CARD, Inc. (A Microfinance NGO) Board of Trustee - Client/Member Ms. Haydee Eulin (pinakakaliwa, ikalawang hanay), kinatawan ng Mayor's Office na si Judge Efren Abandon (ikatlo mula sa kaliwa, ikalawang hanay), Brgy. Captain Mr. Romeo M. Tecson (ikatlo sa kanan, unang hanay) at CARD Bank Regional Director Luella Bulalacao (ikaapat, unang hanay), kasama ang iba pang kawani at kliyente ng CARD sa pagbubukas ng medical services sa Tanauan, Leyte.*

Binuksan ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) - Microfinance and Health Protection (MaHP) ang isang klinika at laboratoryo upang mag-abot ng serbisyong pangkalusugan sa komunidad ng Tanauan, Leyte noong Oktubre 5, 2023.

Ang pagtatag ng mga klinika at laboratoryo sa iba't ibang sulok ng Pilipinas ay bahagi ng misyon ng CARD, Inc. na labanan ang kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan. Kabilang rito ang abot-kayang konsultasyon, *laboratory services, maternal care, child health, family planning*, at mga *diagnostic test*.

Nakikipagtulungan rin ang institusyon sa mga propesyonal at ibang pasilidad upang matiyak ang patuloy na pagbibigay ng mga serbisyo hindi lamang sa komunidad ng CARD kundi maging sa publiko.

"Layunin naming magbigay sa komunidad ng abot-kayang serbisyong pangkalusugan upang magkaroon sila ng mas maginhawang bukas," ani MaHP Director Dr. Roderick Belen.

P2

## CARD MBA, NAGKAMIT NG 2-GOLDEN ARROW AWARD SA GOLDEN ARROW RECOGNITION 2023

*ni Josephine Ramos*

Nakamit ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang 2-Golden Arrow Awards mula sa Asean Corporate Governance Scorecard (ACGS) at Corporate Governance Scorecard (CGS) Golden Arrow Recognition sa Okada, Manila noong Setyembre 28, 2023.

"Ang pagkilala sa aming mga hangarin ay isang

P3

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **P50.00** load via konek2CARD!

**Ano ang bagong loan product na inilunsad ng CARD RBI?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# CARD MRI, NAGBUKAS ...

P1

Ngayong Oktubre 2023, ang MaHP ay mayroon ng tatlong klinika at laboratoryo na matatagpuan sa San Pablo City, Laguna, Tagum City Davao del Norte, at Barangay Buntay, Tanauan, Leyte.

"Patunay ang tagumpay na ito sa ating buong pusong pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan para sa lahat. Ito ay isang inisyatibong mag-aangat sa komunidad at buhay ng bawat isa," ani CARD, Inc. BOT Ms. Haydee Eulin.

**Pagtungo sa digitalization**

Bilang pagtugon sa pangangailangang pangkalusugan, itinatag ang CARD Laboratory na nag-aalok ng abot-kayang *diagnostic services* at mga libreng konsultasyon sa tulong ng CARD, Inc.

Kasabay ng pag-unlad ng teknolohiya at pandemyang COVID-19, inilunsad ng MaPH ang CARD e-Doctor na naghahatid ng libreng konsultasyon sa pamamagitan ng *Facebook Messenger* at isang serye na nagbibigay kaalaman tungkol sa kalusugan sa pamamagitan ng Facebook live.

Sa patuloy na pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan ng CARD MRI, bukas na ang bagong klinika at laboratoryo para sa mga kliyente, kawani, at komunidad ng Tanauan at maghahatid ng mga abot-kayang serbisyo mula Lunes hanggang Biyernes, 6:30 AM hanggang 4:00 PM.

# KOA THE KWAGO, NAGTUNGO SA BOHOL

*ni Harlene Reyes*



*Dumalo ang mahigit 20 mga bata mula sa komunidad ng Eskaya Tribe sa isang storytelling activity tampok ang "Ang Lapis ni Anya", kung saan nakatanggap ang mga ito ng Koa kit.*

Muling nagsagawa ang CARD MRI Publishing House ng *storytelling* at Koa Kafe, isang pop-up event, sa Bohol simula noong September 21-23, 2023.

Naging bahagi ng Koa Kafe ang mga kawani at kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) Pilar unit sa mga aktibidad na inihanda ng CARD Publishing. Ang mga nakilahok ay aktibong nakibahagi sa mga palaro at nakatanggap ng libreng kape, *calamansi juice*, at Sulong, ang pahayagang pangkaunlaran ng CARD MRI.

Samantala, isinagawa naman ang *storytelling* para sa mga anak ng mga miyembro sa ilang CARD, Inc. unit sa Bohol kabilang ang Nueve Fuerza Center 4 mula sa Carmen, Villa Garcia Center mula sa Sierra Bullones, at Eskaya Tribe sa Lundag, Pilar, Bohol.

Tampok sa *storytelling* ang kwento ng "Ang Lapis ni Anya", isang *kiddie coloring book*, na nagpapakita ng kahalagahan ng pag-aaral para maabot ng mga kabataan ang kanilang mga pangarap.

Mahigit 60 mga bata ang nakilahok sa nasabing aktibidad kung saan kalahati sa mga ito ay nagmula sa komunidad ng Eskaya Tribe. Nakatanggap sila ng *Koa kit* na naglalaman ng *notebook*, lapis, krayola, pambura, *Koa stuffed toy* na si Koa the Kwago, at Ang Lapis ni Anya *coloring book*.

Asahan ang iba pang pagbisita ng Koa Kafe pop-up event sa iba pang bahagi ng bansa.

Scan me!

# CARD RBI, NAGSIMULA NANG MAG-ALOK NG SOLAR LOAN

*ni Mary Rose Javier*

Inilunsad ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) ang kanilang *solar loan product* kaugnay sa pagkamit ng Sustainable Development Goals (SDGs) na inilaan upang hikayatin ang mga kliyente nito na gumamit ng abot-kayang *renewable energy*. "Sa pamamagitan ng *solar loan* ng CARD RBI, ipinapakita nito ang aming layunin na itaguyod ang *renewable energy*, labanan ang *climate change*, at paunlarin ang layunin ng bangko na mag-abot ng maliwanag na bukas para sa lahat," ani CARD RBI President at CEO Elma B. Valenzuela.

"Ang programang ito kasama ang *solar-powered device* ay naglalayong matulungan ang pamilyang Pilipino na mabawasan ang gastusin sa kuryente habang nagbibigay ng positibong epekto sa ating kapaligiran," aniya.

Idinagdag pa ni Valenzuela, "Prayoridad ng aming institusyon ang aming mga kliyente kaya't patuloy sa pagbuo ang CARD RBI ng mga produkto at serbisyong

P4

# KWENTONG TAGUMPAY



Mula sa pagiging computer programmer, tinahak ni Emely Gabo ang landas ng pagiging isang negosyante na naghawi ng daan patungo sa tagumpay.

## PAG-AANI SA BIYAYA

ni Mary Rose Javier

Agrikultura ang pangunahing industriya at pinakamahalagang sektor sa ekonomiya ng Pilipinas dahil sagana ito sa lupa at likas na yaman.

Si Angel Perez, isang 52-anyos at magsasaka mula sa Sta. Lucia, Dolores Quezon ay napiling maging unang pangulo ng Atimoya Farmers Association Inc. Ang asosasyon ay isang grupo ng mga lokal na magsasaka na sinusuportahan ng mga LGU ng Quezon at rehiyon ng CALABARZON na siyang nagbibigay ng libreng lupa, buto, at trak para sa kanilang pag-aani.

Bilang tagapangasiwa sa 363 miyembro na nagmamay-ari ng mga indibidwal at *communal farm*, nagpakita si Angel ng mahusay na pamumuno.

"Kung may mga bagay akong magagawa para sa aking mga kasamahan, ito ay ang pagtulong sa kanila ng buong puso at kusang loob," paliwanag niya.

Ayon kay Angel, sa pagpapalawak ng kanyang sakahan ay tinulungan siya ng CARD Bank, isang *microfinance-oriented rural bank*, na magkaroon ng pondo kung saan siya ay naging mahusay na kliyente sa loob ng anim na taon.

Inilaan niya ang kanyang *loans* bilang karagdagang puhunan sa kanyang sakahan dahilan upang makakuha siya ng mas maraming binhi at makapagtanim ng higit pa.

Bukod pa rito, nagbigay ang CARD Bank ng tulong pinansyal upang malagpasan nila ang pagsubok ng pandemya noong 2020. Nagpatuloy siya sa pagtatanim at nagsuplay ng mga gulay sa ibang lugar at probinsya upang matugunan ang kanyang pangangailangan.

Sa kasalukuyan, namimigay si Angel sa kanyang mga kapitbahay ng libreng bigas mula sa kanyang ani upang ibahagi ang biyaya na kanyang natatanggap. Binabalak rin niyang magtayo ng tindahan ng Kadiwa para sa mga magsasaka.

"Ginagawa ko ang mga ito para suportahan ang industriya ng agrikultura at tulungan ang komunidad sa anumang paraang makakaya ko," aniya. "Mahalaga ang industriyang ito dahil kung walang magsasaka, wala tayong makakain sa ating mesa."

"Patuloy sa pagbaba ang bilang ng mga magsasaka sa ating bansa, kaya't umaasa ako na makita ng mga kasalukuyan at susunod na henerasyon ang pagsasaka bilang isang disenteng trabaho," pagtatapos niya.




Natanggap ng CARD MBA President Reazhyle Francisco ang 2-Golden Arrow Award ng CARD MBA sa ginanap na Golden Arrow Recognition 2023 sa Maynila.

## CARD MBA, NAGKAMIT... P1

karangalan at inspirasyon sa patuloy na pagbibigay ng mahusay na pamamahala at paghahatid ng aming serbisyo," ani CARD MBA Chief Executive Officer Jocelyn Dequito.

Kinikilala ng parangal ang mga *insurance company* na may mahusay na pamumuno, kung saan ang mga kompanyang nakakuha ng 90-99 na puntos sa 2022 ACGS Assessment Results ay binigyan ng 2-Golden Arrow Award.

Ang programa ay isang inisyatibo ng Institute of Corporate Directors (ICD) upang masuri ang pamantayan sa pamumuno ng mga organisasyon. Kabilang sa mga pamantayan ang bukas na pagbibigay ng mga impormasyon, pagbuo ng magandang relasyon sa mga *stakeholder*, at pagprotekta sa karapatan ng mga *shareholder*.

Ang CARD MBA ay ang *insurance arm* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) at *non-profit mutual benefit association* na nag-aabot sa mga miyembro nito ng mga benepisyo tulad ng pensyon, *death benefits*, mga tulong medikal, at iba pang *redemption packages*.




## CARD RBI, NAGSIMULA NANG...

P2

angkop sa kanilang mga pangangailangan.”

Sa pamamagitan ng mga *appliance package*, ang *solar loan* ay tumutugon sa iba’t ibang pangangailangan ayon sa paggamit at kapasidad ng mga kliyente. Kabilang sa mga inihahatid nitong produkto ay ang *dual-function* na *solar fan* at ilaw sa mga itinuturing na *high-technology item*, na madaling i-install at maaaring gumana ng hanggang 24 na oras.

Nagbahagi ng karanasan ang isa sa mga kliyente ng CARD RBI na kumuha ng *solar loan* na si Merlita Llantos, “Mabilis itong dumating at madali ring i-install. Isa pa, mabilis ito dahil isang araw lang ang naging transaksyon.” Nagpahayag si Llantos ng kasiyahan sa kanyang paggamit ng *solar appliances* na lahat ay mahusay na gumagana.

Ang CARD RBI ay patuloy sa pagbibigay ng mga produkto at serbisyo na makatutulong hindi lamang sa mga kliyente nito, kundi maging sa komunidad at kapaligiran.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD RBI, maaaring bisitahin ang kanilang website sa https://www.cardmri.com/rbi/.

# ANNIVERSERBISYO

YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA

## CARD MRI RIZAL BANK, INC.

Ipinagdiwang ng CARD RBI, isang *microfinance-oriented rural bank* ang ika-11 taong pagbibigay ng serbisyo sa mga kliyente at komunidad nito upang mapaunlad ang kanilang mga pamumuhay. Kaisa ang institusyon sa misyon ng CARD MRI na wakasan ang kahirapan sa pamamagitan ng kanilang mga produkto at serbisyo gaya ng *microfinance loans, savings products,* at *remittance* na nagbibigay akses sa mga serbisyong pinansyal na magdadala sa mga ito tungo sa magandang bukas.




SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers